

Punong Buod

Panimula:

Ang Estratehiya ng Edukasyon ng Maramihang Kultura ito (Intercultural Education Strategy) (“IES”/ “Estratehiya” [(“IES”/ “Strategy] ay naglalayong:

1. tiyakin na **lahat ng estudyante** ay nakakaranas ng edukasyon na *“nirerespeto ang pagkakaiba ng mga katangian, paniniwala, wika at kaugalian sa lipunan ng Irish at isinasagawa sa diwa ng pagkakasama”*(*“respects the diversity of values, beliefs, languages and traditions in Irish society and is conducted in a spirit of partnership”* ([*Education Act, 199*].)
2. tulungan ang lahat ng kabilang sa pagkakaloob ng edukasyon sa lahat ng antas na makalikha ng kapaligiran sa pagkatuto na kung saan ang pagkakasama at integrasyon sa loob ng kapaligiran sa pagkakatuto sa maramihang mga kultura ang nagiging pamantayan.

Ang pinagmulan ng IES ay nakasalalay sa pangako ng Pamahalaan sa World Conference against Racism in Durban (2001) para bumuo at magpatupad ng National Action Plan Against Racism (“NPAR”) (Tingnan sa Appendix 1 para sa glossary). Isa sa sampung kinalabasan ng NPAR para sa sektor ng edukasyon ay ang pagpapaunlad ng estratehiya ng edukasyon ng maramihang kultura. Isang malawakang proseso ng konsultasyon ang isinakatuparan ng Ministro ng Edukasyon at Pasanayan at ng Ministro ng Estado ng Pagkakapantay-pantay, Pagsasama-sama ng mga Karapatang Pantao, kasama ang:

1. Isang panimulang pagpupulong noong Oktubre 2008 na kung saan inaanyayahan ang mga pangunahing stakeholder
2. Pitong bahaging¹ mga konsultasyong pagpupulong, kung saan mahigit sa 200 mga delegado ang dumalo
3. Ang pagsasaalang-alang sa mahigit 50 kasunduang nakasulat na natanggap
4. Ang pagsasaalang-alang ng pambansa at pandaigdigang pananaliksik ng pagtuklas, katulad ng mga nagmula sa ESRI² at OECD³

Ang IES ay binubuo bilang pagkilala sa bagong makabuluhang pagbabago sa demograpiko sa lipunang Irish, na isinasalamin sa sistema ng edukasyon. Ang estratehiya ay itinatayo sa umiiral na gawain sa larangang ito at nais na maging makabuluhan para sa lahat ng sektor ng edukasyon, na tumutugma sa mataas na layunin ng Department of Education and Skills (“DES”) para

¹ Pre-school, primary, post- primary, higher education, further education, youth sector, and the community/ NGO sector.

² “Adapting to Diversity: Irish Schools and Newcomer Students” (2009)

³ “*OECD Thematic Review on Migrant Education- Country Report for Ireland*” (2009) and “*OECD Reviews of Migrant Education - Closing the Gap for Immigrant Students: Policies, Practice and Performance*” (2010).

“support and improve the quality, relevance and inclusiveness of education for every learner in our schools”.(suportahan at mapabuti ang kalidad, kaugnayan at pagkakabilang sa edukasyon para sa bawat mag-aaral sa ating mga paaralan”).

Demograpikong Konteksto:

Ang 2006 pambansang census ay nagpapakita na sa 4,172,013 mga tao na nakatira sa Estado, 420,000 (10%) ay pinag-uri uri bilang hindi mamamayang Irish, mula sa 188 mga bansa. Kung ikukumpara sa 2002 census, ito ay umakyat ng 87%⁴.

Ang demograpiko at kalagayang pang-ekonomiya sa Ireland ay nagbago mula noong 2006. Ang Ireland ay nakikita na ngayon bilang isang hindi gaanong kaakit-akit na patutunguhan para sa mga bagong migrante, malaking dahilan nito ang pagbaba ng ekonomiya. Ang susunod na census, na nakatakda sa 2011, ay magbibigay ng datos sa ating lumalagong populasyon. Sa ngayon, may katibayan na:

- Ilang mga migrante ang nililisan na ang Ireland.
- Ang bilang ng mga imigrante na dumarating sa Ireland ay bumaba rin.
- May makabuluhan pa ring papasok na daloy ng mga migrante.
- Ang mga bagong ulat ng mga migrante ay nagbabago din, na may pagtaas sa bilang sa kategorya ng 0-15 taong gulang.

Habang ang takbo sag hinaharap para sa mga imigrante ay maaaring pababa rin, ang katotohanan ay nananatiling may makabuluhang bilang ng kasalukuyan at panghinaharap na populasyon ay mga at magiging mga imigrante. Inaasahan na ang mga imigrante ay mananatiling tiyak na katangian ng lipunan ng Ireland at edukasyon nito sa hinaharap. Halimbawa, ang mga numero mula sa DES ay nagpapakita na, sa nakalipas na ilang taon, ang mga numero ng migrante ay unti-unting tumataas sa post-primary na sektor. Ang mga pangangailangan ng pangalawang-henerasyon ng mga imigrante ay kailangan isaisip sa pagpapatupad ng Estratehiyang ito.

Mga batas, patakaran, kasunduan:

May marami nang pandaigdigang at pambansang katibayan na sumusuporta sa pagkukop sa pagtanggap ng magkakaibang kultura bilang mahalagang bahagi ng kapwa pormal at hindi pormal na edukasyon sa Ireland. Marami sa mga katibayang ito ay nakadikit sa prinsipyo ng pagkakapantay-pantay, pag-unawa sa pagkakaiba ng lahi at respeto sa pagiging magkakaiba.

Sa paglipas ng panahon, may mga malinaw nang kilos patungo sa pagtitiyak na ang sistema ng edukasyon ay napapabilang, may respeto sa pagkakaiba, at nagtataguyod ng kapaligiran sa pagkakatuto na kung saan ang mga mag-aaral ay hinihikayat at tinutulungan para makamit ang kanilang mga kakayahan sa anumang larangan. Ang paglinang ng mga batas at pagsasaalang-alang sa kaugnay na patakaran ng Ireland ay naimpluwensiyahan sa pamamagitan ng kaugnay na pandaigdigang pagsulong.

Pangunahing nilalaman at mga layunin:

⁴ The question “What is your nationality?” was first asked in the 2002 census.

Ang pinakabagong pagsasaliksik ay nakatuon sa paglahok ng mga imigrante sa edukasyon, lalo na sa post- primary na mga antas⁵. Ang partikular na pananaliksik na ito, hango kasama ng kabuuan ng paglinang ng IES, ay nagkakaloob ng kapaki-pakinabang na katibayan batay sa mga datos para sa mga tagagawa ng patakaran, lider pang-institusyonal at mga tagapagturo. Mayroon itong mga pagpapasyang kaugnay sa paglinang ng sampung pinakamahalagang bahagi ng edukasyon sa maraming kultura at sa limang mataas na antas ng layunin ng Estratehiya.

Ang mga bahaging ito at mga layunin ay tumutugma at nagtutulungan, at dinisenyo upang:

- Maisama ang lahat ng kalahok sa edukasyon (parehong tagapagbigay ng edukasyon at mga mag-aaral) – mula sa parehong imigrante at may-anyayang mga komunidad, batay sa EU Mga Prinsipyo ng Pagsasama-sama, na isinasaad na ang pagsasama-sama ay dinamikong, proseso na may dalawang-paraang proseso⁶.
- May kahalagahan sa lahat ng antas ng edukasyon.
- Matiyak na ang lahat ay may bahaging ginagampanan sa paglikha ng napapabilang, nakasama at kapaligiran sa pag-aaral ng maramihang kultura.

Magkakasama, ang mga ito ay naglalaan ng balangkas para sa mga mag-aaral, magulang, guro, komunidad at tagagawa ng mga batas kapag isinasaalang-alang kung paano matitiyak na ang kapaligiran sa pag-aaral ng maramihang kultura ay iiral. Tingnan ang Figure A para sa balangkas na ito.

Figure A Balangkas para sa edukasyon ng maramihang kultura		
	Mahalagang Bahagi	Layunin
1.	Pamumuno	Paganahin ang pag-aampon ng buong institusyon papalapit sa paglikha ng kapaligiran sa pagkakatuto sa maramihang kultura
2.	Pangingibabawin ang mga probisyon sa edukasyon	
3.	Mga karapatan at mga responsibilidad	
4.	Mataas na mga hangarin at mga inaasahan	
5.	Pataasin ang kalidad ng pagtuturo	Itaguyod ang kapasidad ng mga nagbibigay ng edukasyon upang maglinang ng kapaligiran sa pagkakatuto sag maramihang kultura
6.	Kaalaman sa (mga) wika sa pagtuturo	Suportahan ang mga mag-aaral na maging marunong sa wika na ginagamit sa pagtuturo
7.	Pakikipag-pareha at pakikisama sa mga gawain	Hikayatin at isulong ang aktibong pakikipag-tulungan, pakikisama sa mga gawain at epektibong komunikasyon sa pagitan ng mga tagapagbigay ng edukasyon, mga mag-aaral, mga magulang at mga komunidad
8.	Mabisang komunikasyon	

⁵ For example, the ESRI's report, the OECD's reports, the DES's value for money review of expenditure on English as an additional language (2010, forthcoming) and the DES Inspectorate's evaluation of the quality of the teaching and learning of English as an additional language (2010, forthcoming).

⁶ Such an approach will enhance the attractiveness of Ireland as a destination for international students.

9.	Pangangalap ng datos at pananaliksik	Isulong ang tasahin ang pangangalap ng datos at pagsubaybay upang ang mga patakaan at pagpapasya ay batay sa katibayan
10.	Mga pagkilos, pagbabantay ay pagtatasa	

Pagsubaybay:

Ang pagsubaybay sa pagpapatupad ng IES ay nakabatay sa dalawang umiiral na istruktura:

1. Ang Pangunahing Lupon ng Migrante ng Kagawaran ng Edukasyon at Kasanayan. Ang DES ay pangungunahan ang grupo na binubuo ng mga kapareha sa edukasyon, mula sa kaugnay na mga bahagi ng departamento at mga kaugnay na ahensiya ng estado.
2. Tanggapan ng Ministro ng Estado para sa Pagkakapantay-pantay, Pagsasama-sama at Karapatang Pantao lupon ng maramihang kagawaran sa pagsasama-sama.

Iminumungkahi rin na ang pagpupulong ng mga stakeholder ay gawin taon-taon.

Mga implikasyon ng mapagkukunan:

Sa konteksto ng kasalukuyang kalagayan ng ekonomiya, ang Estratehiya ay kailangang ipatupad sa loob ng magagamit na mapagkukunan, na lubhang mahalaga. Kabilang sa mga ito, halimbawa:

- mga €100 milyon para sa Ingles bilang karagdagang wika sa mga sektor ng primary at post primary, higit pa sa karaniwang mapagkukunang edukasyon sa mga sektor na ito.
- mga €10 milyon para sa pag-aaral ng Ingles sa mga matatandang migrante.
- AIM- “Accessing Intercultural Materials”- ay isang portal ng impormasyon sa paksa ng mga imigrante, para magamit ng mga mag-aaral at mga magulang sa lahat ng mamamayan ng iba't-ibang bansa, mga tagapagturo at mananaliksik sa lahat ng antas, at mga gumagawa ng patakaran. Ito ay palagiang ina-update na malawakang portal ng datos, na makukuha mula sa website ng kapwa DES at Tanggapan ng Ministro ng Estado para sa Pagkakapantay-pantay, Pagsasama-sama at Karapatang Pantao⁷.

Buod:

Ang IES ay tungkol sa pag-iisip, pagpapalano ant paggawa ng mga bagay ng magkakaiba, na maykamalayan sa pagkakaiba at ang pangangailangan na makalikha ng kapaligiran sa pagkakatuto ngmagkakaibang kultura. Ito ay hindi tungkol sa radikal na pagbabago at hindi masidhing pangangailangan. Ito ay nangangailangan ng respeto sa pagiging iba, at sama-sama at nagpapatuloy na pagbabago sa pag-uugali.

⁷ www.education.ie and www.integration.ie